

Kabisaan ng Sanayang Aklat sa Paglinang ng Filipino 3 (Retorikang Filipino)

Raymund M. PASION¹ and Mary Ann S. SANDOVAL²

¹Asst. Professor, Davao Oriental State College of Science & Technology
City of Mati, Davao Oriental; ²Assoc. Professor, Mindanao State University-Iligan
Institute of Technology
Iligan City

Corresponding author: raypasion@yahoo.com

Abstrak

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang kabisaan ng binuong sanayang aklat para sa asignaturang Filipino 3 (Retorikang Filipino) na ginamit ng mga estudyante sa DOSCST, Lungsod ng Mati, unang semester, taong panuruan 2000. Metodong eksperimental at disenyong kwantitatibong ginamitan ng match grouping ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral. Ito ay isinagawa upang makuha ang datos sa pre-test at post-test na ibinigay sa pangkat kontrol at eksperimental. Ginamit din ang binuong kagamitang pampagtuturo “Sanayang Aklat sa Paglinang ng Filipino 3” at talatanungang ipinamahagi sa pangkat eksperimental bilang instrumento sa pagbatid ng kabisaan ng paggamit nito sa pagtuturo. Ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang natamong iskor sa pre-test, prelim, midterm, at final, na pagsusulit dahil pare-parehong mababa ang natamo nilang iskor. Subalit, may makabuluhang pagkakaiba naman ang iskor sa post-test sapagkat malaki ang natamong iskor ng pangkat na gumamit sa Sanayang Aklat kaysa sa pangkat na hindi gumamit. Samantala, may makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat sa kanilang markang natamo (gaining grade) sa prelim, midterm at final dahil malaki ang natamong marka ng pangkat eksperimental kaysa sa pangkat kontrol. Samakatuwid, malaki ang naitutulong ng Sanayang Aklat upang makatamo ng matataas na marka. Kapansinpansin ding mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kanilang markang natamo sa asignaturang Filipino 3 dahil mataas ang natamong marka nila sa Filipino 3 kaysa sa Filipino 2. Samakatuwid, higit nalilintang ng mga respondente ang kanilang kabatiran sa Filipino 3 lalo na sa pangkat na gumamit ng Sanayang Aklat. Higit sa lahat, 96% sa mga respondente (pangkat eksperimental) na pinamahagian ng binuong kagamitang pampagtuturo ay labis na sumasang-ayon sa pagkakaroon ng sanayang aklat upang mapadali ang kanilang pagkatuto at pag-uunawa sa mga paksang tinalakay sa naturang asignatura.

Mga Susing-Salita: kabisaan, kagamitang pampagtuturo, retorikang filipino

Introduksyon

Mapanghamong propesyon ang pagtuturo. Ang nilalaman o kung ano ang ituturo ay hindi lamang ang pangunahing isipin ng guro sa kanyang pagtuturo kundi maging ang paraan o kung paano ito ituturo at matutunan ng kanyang mga estudyante. Kaya nga, hindi nasusukat ang kahusayan ng guro sa dami ng kanyang naituturo kundi Sa kalidad ng natututunan ng kanyang mga estudyante.

Napakaraming pinaplano ng guro bago isagawa ang aktuwal na pagtuturo, isa na rito ay ang mga kakailanganin niyang kagamitang pampagtuturo. Tinatawag na kagamitang pampagtuturo ang anumang bagay o sitwasyon na ginagamit ng guro o nagtuturo na nakatutulong sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Ginagamit ito upang maging maayos, madali, at nakaaliw ang pagkatuto ng isang aralin, Nagiging kongkreto, dinamiko, at ganap ang pagkatuto sa tulong ng mga kagamitang ito.

Ang bisa ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakakamit lamang kung alam ng gurong gamitin ito sa tarnang paraan at Sa tamang panahon. Kung gayon, mahalagang maisaalangalang ng isang guro ang paghahanda ng anumang kagamitang kanyang gagamitin sa pagtuturo. Ang bisa naman nito ay masusukat sa kakayahan nitong tugunan ang layunin nito Sa pagtuturo.

Ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagkakaloob ng karagdagang pagsasanay at impormasyon sa mga estudyante para sa higit na pag-unawa sa paksang pinag-aaralan. Sa gayon, kailangang ito ay pili at maayos na inihahanda at nagagamit. Isa Sa maituturing na karaniwang kagamitan ang sanayang aklat. Ito ay aklat na naglalaman ng mga pagsasanay at gawain na isinasagawa ng mga estudyante. Karaniwang kaagapay ito ng batayang aklat. Ang sanayang aklat ay tinatawag ring aklat ng mga pagsasanay. Sa aklat na ito matatagpuan ang iba't ibang gawain sa bawat aralin na tinalakay o inilahad sa batayang aklat.

Bilang isang kagamitan, naniniwala ang mananaliksik na makatutulong nang malaki ang aklat na ito sa pagtuturo ng asignatura hindi lamang sa mga guro kundi maging sa ikadadali ng pagkatuto ng mga estudyante na kumukuha ng asignaturang Filipino 3. Kaya naman, nilayon ng pagaaral na ito na malaman ang kabisaan ng binuong kagamitan.

Layunin

Pangkalahatang ng pag-aaral na ito na alamin ang kabisaan ng binuong sanayang aklat para sa asignaturang Filipino 3 (Retorikang Filipino) na ginamit ng mga estudyante sa DOSCST, Lungsod ng Mati. Tiyak na layunin nitong mabatid ang makabuluhang pagkakaiba ng pangkat kontrol at eksperimental batay sa natamong iskor sa pre-test at post-test; gaining grade sa prellm, midterm at final; marka (grade) sa asignaturang Filipino 3; at ang mga persepsyon ng pangkat eksperimental sa paggamit ng naturang kagamitang pampagtuturo.

Metodo ng Pagtuturo

Sa pagtuturo, ginamit ang nabuong kagamitang pampagtuturo sa dalawang pangkat.

Subalit ipinagamit Sa pangkat eksperimental ang sanayang aklat Samantalang pamaraang diskasyon lamang ang ginamit sa pangkat kontrol.

Ang dalawang pangkat ay kapwa binigyan ng *pre-test at post-test sa Prelim, midterm* at hanggang Sa final na markahan. Inaasahan na sa katapusan ng semester, magkaroon ang pangkat eksperimental ng (1) kawilihan Sa kanilang pag-aaral; (2) mas mabisang pagkatuto gamit ang sanayang aklat; at, (3) mas mataas na marka ng nasabing asignatura kaysa sa pangkat kontrol (Figyur 1).

Haypotesis

Batay sa suliraning nabanggit, nabuo ang null na haypotesis:


HO1. Walang makabuluhang pagkakaiba ang pangkat eksperimental at kontrol batay sa natamong iskor nito sa Pretest at Post-TeSt.

HO2. Walang makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng markang nakuha (gaining grade) ng pangkat eksperimental sa pangkat kontrol Sa ibinigay na Prelimi Midterm at Final.

HO3. Walang makabuluhang pagkakaiba ang pangkat eksperimental at kontrol batay Sa natamong marka nito sa asignaturang Filipino 3.

HO4.

HO5.




Figyur 1. Paradaym ng pag-aaral

Metodolohiya

Bumuo ang mananaliksik ng isang sanayang aklat para sa asignaturang Filipino 3 (Retorikang Filipino) kung saan nakapaloob na rin dito ang mga aralin o leksyon na siyang kailangang talakeyin at matutunan ng mga estudyante na tulad ng mababasa sa isang batayang aklat. Sa bawat aralin, may mga pagsasanay o gawain ang mga estudyante upang masukat ang lawak ng kanilang natutunan sa bawat aralin.

Inilahad Sa Figyur 2 ang mga hakbang o proseso sa pagbuo at paglinang ng kagamitang pampagtuturo na ginamit sa mga estudyanteng kumukuha ng asignaturang Filipino 3.



Figyur 2. Iskematikong dayagram sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo


Metodong eksperimental ang ginamit sa pag-aaral na ito_ Ginamit din ang binuong “Sanayang Aklat sa Paglinang ng Filipino 3” at nagbigay ng talatanungan sa pangkat eksperimental bago matapos ang semester upang mabatid ang persepsyon ng mga estudyante tungkol sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo (Figyur 2).

Ang naturang kagamitang pampagtuturo ay binuo sa pamamagitan ng talahanayan ng isipisipikasyong nababatay sa hangiang aklat ng pagkatuto sa bawat aralin. Bago nagsimulang balangkasin ang mga pagsasanay na nakapaloob dito ay gumaWa muna ng iba’t ibang lunsaran sa bawat aralin ng pag-aaral sa loob ng isang semester. Pinagtuunan ng pansin ang apat na kasanayang pangwika: pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at pagsulat, upang maging sanay na sanay ang mga magaaral sa kanilang pagpapahayag (Figyur 1)

Isinasaalang-alang din sa metodong ito, na ang sanayang aklat ay malayang dalhin ng mga estudyante (eksperimental) sa loob at lebas ng klase upang kanilang magamit sa pagrebyu at pag-aaral sa mga paksang tatalakayin. Subalit, mahigpit itong ipinagbiling na hindi ipagbigay-alam sa ibang mga estudyante na kasalukuyang kumuha ng parehang asignatura lalo na sa mga estudyanteng nabibilang sa pangkat kontrol upang maiwasan ang pagkaalaman sa mga gawain o pagsasanay na makikita sa loob ng aklat. Higit sa lahat, upang maiwasan ang pagiging bias sa resulta ng pag-aaral.

Disenyong kwantitatibo na ginamitan ng match grouping ang ginamit sa pagaaral. Isinagawa ito upang makuha ang datos sa pre-test at post-test na ibinigay sa pangkat kontrol at eksperimental.

Match Group Pre-Test Treatment Post-Test Assignment



Kung saan:

ME - ang pangkat eksperimental

MK - ang pangkat kontrol

01- pre-test na ibinigay sa pangkat eksperimental

02 - post-test na ibinigay sa pangkat eksperimental

03 - pre-test na ibinigay sa pangkat kontrol

04 - post-test na ibinigay sa pangkat kontrol x - treatment na ibinigay sa pangkat.

Ang mga Respondente

Ang mga respondenteng ginamit sa pag-aaral na ito ay ang mga estudyanteng kumuha ng asignaturang Filipino 3 (Retorikang Filipino), unang semester, taong panuruan 2000 Sa DOSCST Binubuo ito ng 50 mga respondente na nahahati sa dalawang pangkat. Ang 25 mga respondente ay nabibilang sa pangkat eksperimental at ang 25 naman ay nabibilang sa pangkat kontrol. Ang naturang mga respondente ay pinili Sa pamamagitan ng pagma-match grouping na ginawa batay sa kanilang

markang natamO sa dating asignatura ng Filipino 2.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Matapos makolekta ang lahat ng resulta sa pre-test at post-test, itinala at sinuma ang mga datos. Sa pagtatala at pagkakalkula, ginamit ang istatistikang **T-Test** upang mabatid ang nun na ipotesis; **Z-Test ng Proporsyon** upang matukoy ang kabisaan at kahalagahan ng kagamitang pampagtuturo ayon sa paniniwala ng pangkat kontrol at eksperimental; at Porsyento na nauukoi sa relasyon ng isang bahagi sa kabuuan. Upang mataman ang makabuluhang pagkakaiba ng mean (significance of their difference), ang pormulang ginamit ay ang sumusunod:

ang pagkakaiba ng mean sa pigitan ng **M1 - M2**.

$$M1 = \frac{X1}{N} \quad M2 = \frac{X2}{N}$$

Mga Resulta

Ang nabuong sanayang aklat ay may walong pangkalahatang paksa na tinalakay sa 54 na oras (Talahanayan 1). Dito nakalahad din ang pamamaraan ng pagtuturo.

Paghahambing

1. Walang makabuluhang pagkakaiba ang paghahambing ng iskor sa pre-test ng pangkat kontrol at eksperimental dahil pareparehong mababa ang natamo nilang iskor. Napatunayan Ito sa resultang lumabas sa kanilang “average score” sa Prelim na 109.2 (kontrol) at 109.1 (eksperimental); sa Midterterm na 78.04 (kontrol) at 77.76 (eksperimental); at sa Final na 38.56 (kontrol) at 38.72 (eksperimental).
2. Samantalang, sa post-test naman ay mayroong makabuluhang pagkakaiba sapagkat malaki ang natamong iskor ng pangkat eksperimental kaysa sa pangkat kontrol. Napatunayan ito sa resultang natamo sa Prelim na 115.6 (kontrol) at 141.1 (eksperimental); sa Midterm na 92.00 (kontrol) at 111.3 (eksperimental); atsa Final na 38.24 (kontrol) at 50.00 (eksperimental). (Talahanayan 2)
3. May makabuluhang pagkakaiba ang paghahambing ng pangkat eksperimental at kontrol batay sa kanilang marka (gaining grade) sa prelim, midterm at final dahil sa resultang mas mataas ang natamong marka ng pangkat eksperimental kaysa sa pangkat kontrol. Samakatuwid, malaki ang naitutulong ng kagamitang pagtuturo na ito upang makatamo ng matataas na marka. (Talahanayan 3)
4. May makabuluhang pagkakaiba ang paghahambing ng pangkat

eksperimental at kontrol sa kanilang markang natamo sa asignaturang Filipino 3 dahil mataas ang natamong marka nila sa Filipino 3 kaysa sa Filipino 2 Samakatuwid, higit nalilintang ng mga respondente ang kanilang kabatiran sa Filipino 3 lala na sa pangkat eksperimental na gumamit ng kagamitang pagtuturo, Napatunayan ito sa lumabas na resulta ng “average grade” na 2,550 ng pangkat kontrol at 2.090 ng pangkat eksperimental na mayroong pagkakaiba na 0.46. Napatunayan ito sa ipinakitang resulta ng probability na 0,0004 ng t-balyu na 3.81 na maliit sa 0.01 ng lebel ng kabuluhan. (Talahanayan 4)

Talahanayan 1 Mga paksa at pamamaraan ng pagtuturo para sa Retorikang Filipino

Oras (54)	Pangkalahatang Paksa	Pamamaraan
16	A. Kawastuhang Panggramatika > Mga bahagi ng pananalita > Paggamit ng tamang salita at kahulugan; Talinghaga at Alusyon	> Bagyuhang-utak > Dugtungang pasalaysay > Indibidwal at pangkatang gawain > Interbyu
12	B. Pagpapalawak ng Pangungusap > Ayos ng pangungusap > Uri ng pangungusap ayon sa kayarian o pagkakabuo > Uri ng pangungusap at bantas ayon sa gamit	> Lektyur-talakayan > Madulang pagbasa > Maikli at mahabang pagsusulat > Malaya at kontroladong pagsulat > Pagbibigay-interpretasyon > Pagsasalin
26	C. Masing at Mabisang Pagpapahayag > Retorika at proseso ng mabisang pagpapahayag > Relasyon ng balarila at retorika > Mga uri ng pagpapahayag	> Pagtatalumpati at pagtatalo > Pakikibahagihan > Role play > Sanayang-Aklat > Atbp.

5. Karamihan 096% sa mgareponenteng (pangkat eksperimental) gurnamit ng binuong kagamitang pampagtuturo ay labis na sumasang-ayon sa pagkakaroon ng sanayang aklat upang mapadali ang kanilang pagkatoto't pag-uunawa sa mga paksang tinalakay ng naturang asignatura. (Talahanayan 5)

Talahanayan 2. Ang post-test ng pangkat eksperimental at kontrol

Pangkat na Inihahambing	Kabuuan (N)	Mean (X)	Standard Deviation	Difference	Standard Error of Difference	T Value	Probability	Significance
Prelim:								
Kontrol	25	115.6	22.70	-25.8	4.93	-5.23	0.0000	***
Eksperimental	25	141.4	9.661					
Midterm:								
Kontrol	25	92.00	21.82	-19.3	5.04	-3.83	0.0004	***
Eksperimental	25	111.3	12.53					
Final:								
Kontrol	25	38.24	6.016	-11.76	1.49	-7.89	0.0000	***
Eksperimental	25	50.00	4.406					

***- Very Highly Significant

Talahanayan 3. Ang markang natamo (*gaining grade*) sa Prelim, Midterm at Final na markahan ng pangkat eksperimental at kontrol

Pangkat na Inihahambing	Kabuuan (N)	Mean (X)	Standard Deviation	Difference	Standard Error of Difference	T Value	Probability	Significance
Prelim:								
Kontrol	25	2.030	0.5416	0.61	0.139	4.38	0.0001	***
Eksperimental	25	1.420	0.4373					
Midterm:								
Kontrol	25	2.430	0.3269	0.35	0.109	3.21	0.0025	***
Eksperimental	25	2.080	0.4373					
Final:								
Kontrol	25	2.550	0.3953	0.46	0.1207	3.81	0.0004	***
Eksperimental	25	2.090	0.4558					

***- Very Highly Significant

Talahanayan 4. Ang natamong marka sa Filipino 3 ng pangkat eksperimental at kontrol

Pangkat na Inihahambing	Kabuuan (N)	Mean (X)	Standard Deviation	Difference	Standard Error of Difference	T Value	Probability	Significance
Filipino 3:								
Kontrol	25	2.550	0.3953	0.46	0.1207	3.81	0.0004	***
Eksperimental	25	2.090	0.4558					

***- Very Highly Significant

Talahanayan 5. Ang persepsyon ng mga mag-aaral (eksperimental) sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo batay sa Average Weighted Score (AWS)

Mga Persepsyon	Pangkat Eksperimental (AWS)	Ranggo	Kahulugan
1. Malaki ang naitutulong ng kagamitang pampagtuturo sa mga mag-aaral.	4.92	1	LS
2. Naibabatay ang nilalaman ng nabuong kagamitan sa paksa ng bawat aralin.	4.76	2	LS
3. Ang mga pagsubok o pagsasanay nang nabuong kagamitan ay nauugnay sa kanilang napag-aralan sa tinalakay na leksyon.	4.72	3.5	LS
4. Napapabisa ng guro ang kanyang pagtuturo kung ito ay ginagamitan ng karagdagang kagamitang pampagtuturo.	4.72	3.5	LS
5. Malinaw at madaling maunawaan ang pagbibigay ng mga panuto sa bawat pagsasanay sa nabuong kagamitang pampagtuturo.	4.68	5	LS
6. Natututo ang mga mag-aaral ng sarilinan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga gawaing makikita sa nabuong kagamitang pampagtuturo.	4.64	6.5	LS
7. Nakatatamo ng mataas na marka ang mga mag-aaral dahil sa kanilang pagsusumikap at pagtitiyaga sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa kanilang pag-aaral.	4.64	6.5	LS
8. Sa tulong ng kagamitang pampagtuturong ito ay napalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino 3 (Retorikang Filipino).	4.6	8	LS
9. Nakapagpapalawak sa kakayahan ng bawat mag-aaral sa kasanayang pagkatoto.	4.52	9.5	LS
10. Nakatutulong ito sa paghihikayat sa mga mag-aaral na makaisip, makapagpahayag at makasulat ng mahusay hinggil sa mga araling pangwika at pampanitikan.	4.52	9.5	LS
11. Ang nabuong kagamitan ay naiakma sa antas ng kahirapan o antas ng kawilihan, kahinaan, at mga suliranin sa pag-unawa ng mga mag-aaral.	4.48	11	S
12. Nakapagpapasigla at nakapagbibigay ng interes sa mga mag-aaral batay sa layunin at konseptong ipinakikilala nang guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo.	4.44	12	S
13. Naililina nang kagamitang pampagtuturong ito ang kasanayan sa pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at pagsulat.	4.36	13.5	S
14. Sa pamamagitan ng kagamitang pampagtuturong ito nagaganyak ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino 3 (Retorikang Filipino).	4.36	13.5	S
15. Ito ay nakahihikayat sa mga estudyante para pagbutihin ang pag-aaral ng kanilang mga leksyon.	2.24	15	S

Legend:

- 4.51 - 5.0 - Labis na Sumasang-ayon (LS) 1.51- 2.5 - Hindi Sumasang-ayon (HS)
 3.51 - 4.5 - Sumasang-ayon (S) 1.00 -1.5 - Labis na Hindi Sumasang-ayon (LHS)
 2.51 - 3.5 - Hindi Makapagpasya (HM)

Rekomendasyon

Lubos na iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Sa mga gurong tinaguriang tagapanday ng isipan, bumuo at pagbutihin ang paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na lilinang sa kakayahang pagkatoto ng mga mag-aaral lalong-lalo na sa apat na makrong kasanayang pangwika tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.
2. Sa adminiteryo ng institution ay kailangan tangkilikin at bigyang halaga ang mga naisagawang kagamitang pampagtuturo na angkop sa mga asignaturang kanilang tinuturuan. Sa ganitong paraan ay lalong dumami pa ang mga materyales 0 mga aklat na maaaring maging karagdagang reperensya ng mga guro sa Filipino sa kanilang pagtuturo.
3. Sa mga mag-aaral, na binibigyang-pansin ng mga matitiyagang guro ay kailangang gumamit ng ganitong kagamitang pampagtuturo upang malinang ang kanilang 2. Sa administreytor ng institusyon ay kakayahang pagkatoto sa kasanayang kailangang tangkilikin at bigyang halaga pangwika: pakikinig, pagbasa, pagsasalita, ang mga naisagawang kagamitang at pagsulat upang maging mabisa ang pampagtuturong
4. katulad nito. Upang kanilang pagpapahayag pasulat man o ang mga guro ay lalong mahihikayat sa pasalita. pagbuo ng mga karagdagang kagamitang.

Bibliyograpi

Alberto. V. p. 1990. Development and Validation of Self-Instructional Modules for Prospective Science Teachers. Research Journal, Official Publication of the School of Graduate Studies Bukidnon State (BSC), Malaybalay Bukidnon, Vol. X, No. 1.

Alfabeto, E. D. 1998. Workbook in Writing for First Year Students. Research Journal, Official Publication of the School of Graduate Studies Bukidnon State college (BSC) vol. XII. NO.1, 3rd

Aquino. M, A. 1998. The Teacher the Last Bastion of Virtues, The Anchor of Philippines Slavery. The Modern Teacher, Vol. XLVII, No. 7.

Barcebal, A. A. '934. Instructional Materials in Reading for Specific Purposes for High School Fresnen. Di-nakalimbag na Master Tesis. Philippine Normal College.

Pagkalinawan, L. C. 2006. Isang Malikhaing Pagtuturo ng Wika sa Pagdevelop ng

Kasanayang Pangkomunikativo: Mga Tunguhin at Estratehiya. papel na binasa sa 9h Philippine Linguistic Congress (25-27 Enero 2006) ng Department of Linguistics, Unibersidad ng Pilipinas.

Peregrino. B. 1997. Mahalagang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino Seminar Workshop sa Filipino, Xavier University Cagayan de Oro City.

Sales, p, T. It's Nice To Be A Teacher. The Modem Teacher Vol. XLVII, No. 7.

Corcino, M.D. 1986. A Work Book in Reading Vocabulary Skills Development for Grade Six pupils. Di-nakalimbag na Master Tess. Bukidnon State College (BSC), Malaybalay Bukidnon.

Flores. B. J. 1985_ A Learning Materials in Flipino on Communicative Competence. Di-nakarmbag na Master Tesis. Bukidnon State College (BSC), Malaybalay Bukidnon.

Guemen, P C. et al. 1995. Tanging Garnit sa Filipino. Manila: Rex printing Company, Inc.

Lardizabal, A. S. et al. 1991. Principles and Methods of Teaching. 3rd Edition. Quezon City: Phoenix publishing House, Inc.

Omsstein, A. C. 1992. Strategies for effective Teaching. New York: Harper Collins Publishers.

Sandoval, M.S. & Semorlan. TIP. Paghahanda ng Instruksyunal na mga Kagamitan (Salik sa Mahusay na Pagtuturo at Mabisang Pagkatuto), Iligan City: Departamento ng Filipino at Ibang mga wika. MSU-IIT.

Sibayan, B. p Ang kahulugan ng 100-Taong Plano para sa Wkang Filipino. Journal ng Komisyon sa “”kang Filipino (KWF): Watson BLDG., Igio J.D. Laurel San Miguel. Manila.